

**BE SAFE
CHICAGO** ★★



Maging Ligtas. Edukasyong PK-12



Nangangailangan ang maingat na pagbubukas ng Chicago ng:

Mga mabubuting pakikisalamuha

Pagdistansya sa kapwa



Mga limitasyon sa pisikal na pagdistansya sa iba pang tao

Laki ng pagtitipon



Mga limitasyon sa mga pagtitipon ng mga indibidwal

Kagamitang pamproteksyon



Paggamit ng kagamitang pamproteksyon ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan



Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghuhugas ng kamay)

Mga ligas na espasyo at kondisyon

Access sa pagpasok



Kondisyon ng pasukan/labasan papunta sa lugar

Mga pamantayan sa paglilinis



Mga ginagawang aksyon upang disimpektahin ang lugar

Nakikitang patnubay



Mga masasanggunian para sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho



Pagtatasa sa dami ng taong pumapasok sa lugar, bentilasyon, atbp.

Matatag na mga operasyon at pagsubaybay

Mga flexible na modelo



Flexibility sa sick leave at remote na pagtatrabaho (kapag maaari)

Katatagan ng mga operasyon



Suporta para sa flexibility ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe



Paghihigpit sa paggalaw ng mga tao sa pagitan ng mga lokasyon

Pagsusuri/pagsubaybay



Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay



Ano ang maaaring maging kaibahan?

- 1** Mga nakikitang palatandaan na nakapaskil sa mga pasilidad tungkol sa kalinisan sa katawan, pagdistansya sa kapwa, wastong PPE at higit pa
- 2** Hikayatin ang pagdistansya sa kapwa sa loob ng silid-aralan, **isulong ang pagdistansya sa pamamagitan ng paglipat ng mga mesa o kasangkapan sa silid-aralan**, kung saan maaari
- 3** Kinakailangan ang **mga pantakip sa mukha sa lahat ng oras habang nasa loob ng gusali ng paaralan**
- 4** Ang mga pasilyo o iba pang lugar kung saan pumipila ang mga mag-aaral ay nilagyan ng mga marka ng iminungkahing 6 na talampakang pagdistansya
- 5** **Maglaan ng mga istasyon ng sanitizer sa kamay sa mga espasyo ng paaralan at opisina**, kabilang ang lahat ng pasukan, labasan, at silid-aralan
- 6** Sinumang mag-aaral o kawani na darating nang may mga sintomas ng COVID-19 o magkakaroon ng mga sintomas sa maghapon ay dapat **ihimalay sa isang itinalagang espasyo** habang isinasaayos ang transportasyon pauwi



Hikayatin ang pagdistansya sa kapwa nang >6 na talampakan sa mga silid-aralan at mga lugar na madalas gamitin ng tao (hal., mga lobby, pasilyo, silid, elevator)

- Hikayatin at isulong ang pagdistansya sa kapwa sa lahat ng bahagi ng gusali ng paaralan, kabilang ang sa loob ng silid-aralan, sa mga pasilyo, at sa mga espasyo ng tauhan (hal., mga espasyo ng opisina, security at front desk); maliban sa mga pang-emergency na sitwasyon o pagsasanay kung saan ang pagsunod ay gagawa ng karagdagang panganib sa kalusugan o kaligtasan
- Kung saan maaari, ibahin ang ayos ng kasangkapan sa mga silid-aralan upang isulong ang pagdistansya sa kapwa (hal., ilipat ang mga mesa upang bigyang-daanan ang 6 na talampakan sa pagitan ng mga mag-aaral)
- Kung saan maaari, ayusin ang mga upuan nang nakaharap sa iisang direksyon
- Kung saan maaari, italaga ang ayos ng pag-upo sa mga silid-aralan, lalo na kung saan mas mahirap ang pagdistansya sa kapwa (hal., sa mga mesa), upang limitahan ang pakikisalamuha sa parehong grupo ng mga mag-aaral
- Hikayatin ang mga hakbang sa pagdistansya sa kapwa sa pagitan ng mga tauhan ng paaralan sa labas ng mga itinalagang grupo (guro sa guro; administrador ng paaralan sa mga guro, atbp.)
- Isaalang-alang ang mga estratehiya na tumutulong na isulong ang pagdistansya sa kapwa, kabilang ang pagpapalit-palit ng mga iskedyul, pagsasalit-salit ng mga iskedyul para sa pagdating/pag-uwi, mga oras ng pagdaan sa pasilyo, pagrerebisa ng mga aktibidad na pinaghahalo ang mga klase o baitang, pag-broadcast ng pagtuturo sa klase sa maraming silid, o paglipat ng mga aktibidad ng klase sa labas kung pinahihintulutan ng lagay ng panahon at kaligtasan



Limitahan ang paggamit ng mga lugar na madalas gamitin ng tao kung saan maaaring maganap ang malalaking pagtitipon, magsulong ng matitibay na grupo

- Kung saan praktikal, italaga ang mga nasa hustong gulang at mga mag-aaral sa iba't ibang grupo, at magsikap na panatilihin matibay ang mga grupo hangga't maaari (hal., i-transition ang mga guro at tauhan sa pagitan ng mga grupo ng mga mag-aaral upang maghatid ng pagtuturo)
- Kung saan maaari, limitahan ang mga aktibidad o pagtitipon na pinaghahalo ang maraming grupo
- Maaaring igrupo ang mga mag-aaral sa mga piling tagapaghatid ng serbisyo na nagbibigay ng mga karagdagang programa/serbisyo (hal. mga Paraprofessional, Kaukulang Tagapaghatid ng Serbisyo, espesyalista sa pagtuturo) at maaaring sumuporta sa mga naka-iskedyul na pahinga at panahon ng paghahanda sa maghapon para sa mga guro
- Limitahan ang mga pagtitipon ng mga mag-aaral at tauhan nang hindi hihigit sa 50 tao kapag nasa loob, o 100 tao kapag nasa labas, habang tinitiyak na mayroong mga hakbang sa pagdistansya sa kapwa
- Huwag hikayatin ang mga pagkukumpulan o mas malalaking pagtitipon na may maramihang grupo; kung kinakailangan, limitahan ang pagtitipon nang hindi hihigit sa 50 tao
- Pinapayagan ang mga pagtitipon ng maraming grupo ng 50 tao sa iisang espasyo (hal., gym o auditorium) kung mayroong mga harang na mula sa sahig hanggang kisame (hal., mga divider ng silid)



Kagamitang
pamproteksyon

Dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha ang lahat ng indibidwal

- Sa lahat ng espasyong nasa loob ng madalas gamitin ng tao, dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (maaaring gawin ang mga eksepsyon para sa mga taong may medikal na kondisyon o mga kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Maaaring alisin ang mga pantakip sa mukha sa anumang outdoor setting (hal., recess, mga outdoor na klase) kung nagsasagawa ang mga indibidwal ng pagdistansya sa kapwa
- Payagan ang mga guro at mag-aaral na gumamit ng mga face shield bilang kapalit ng mga mask upang pahintulutan ang mga mag-aaral na mag-lip read o tumulong sa pagbigkas ng salita (hal., mga Nag-aaral ng Ingles, early childhood, wikang banyaga); mas mainam ang mga malilina na pantakip sa mukha. TANDAAN: Mayroon pa ring limitadong kaalaman tungkol sa mga face shield at hinihikayat ang mas mahigpit na pagsunod sa pagdistansya sa kapwa
- Hikayatin na magsuot ng mga pantakip sa mukha ang mga mag-aaral at tauhan sa oras ng pagdating/pag-uwi; kapag hindi maaaring magsuot ng mga pantakip sa mukha dahil sa medikal o iba pang dahilan, o lubha nitong nililimitahan ang pag-aaral, maaaring isalang-alang ang mga malina na pantakip sa mukha o face shield bilang kapalit ng mga mask
- Kung saan naaangkop, ang mga nars ng paaralan at Tagapaghatid Nagbibigay ng Kaugnay na Serbisyo (Related-Service Providers o RSPs) ay maaaring magsuot ng mga N95 mask, depende sa mga kinakailangan at tungkulin ng kanilang trabaho



Mga
kinakailangan
para sa kalinisan

Magbigay ng sanitizer sa kamay sa maraming lokasyon sa buong campus

- Ilatas sa mga tauhan at mag-aaral na maghugas ng kamay o mag-sanitize pagdating sa paaralan, bago kumain, anumang oras na aalis sila sa kanilang silid-aralan, at sa oras ng pag-uwi
- Maglaan ng mga istasyon ng sanitizer sa kamay sa mga espasyo ng paaralan at opisina, kabilang ang lahat ng pasukan, labasan, at silid-aralan



Suriin ang sarili bago pumasok sa mga gusali; Suriin ang mga pasukan at labasan para limitahan ang pisikal na pakikisalamuha

- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon silang mga sintomas
- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, dapat suriin ng mga tauhan at guro ang kanilang sarili (hal., palatanungan – tingnan ang appendix) para matiyak na walang sintomas ng COVID-19
- Bago papasukin ang mga bata sa paaralan, dapat suriin ng mga magulang/tagapag-alaga ang kanilang anak para sa anumang mga posibleng sintomas ng COVID-19 (hal., isang checklist ng mga sintomas, palatanungan, thermometer) upang matukoy kung mabuti ang kanilang pakiramdam para pumasok; ang mga mag-aaral na may sapat na edad ay dapat magsagawa ng pagsusuri sa sarili (hal., palatanungan - tingnan ang appendix)
- Maglaan ng one-way na pasukan/labasan para sa mga gusali, kung saan maaari
- Limitahan ang mga bisitang pumapasok sa gusali sa mga lubhang kailangan lang sa pagsuporta ng mga serbisyo sa mag-aaral; tiyaking alam ng lahat ng bisita ang mga kinakailangan sa pagdistansya sa kapwa at PPE
- Hikayatin ang isang elemento ng pagsubaybay sa pagsusuri sa sarili; ibig sabihin, pagsusuri nang personal at pagsubaybay ng sintomas, pagpapatunay/pagbeberipika sa sarili, atbp.

Maging Ligas. Edukasyong PK-12

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Pagbutihin ang mga pamamaraan sa paglilinis sa mga lugar na madalas daanan at mga ibabaw na madalas hawakan

- Tiyakin na lahat ng espasyo at kagamitan na may ibang gumagamit (hal., mga banyo, water fountain) ay nililinis nang maraming beses sa isang araw ayon sa mga alituntunin ng CDPH
- Linisin ang mga ibabaw na madalas hawakan (hal., mga hawakan ng pinto, ibabaw ng desk, switch ng ilaw, pantasa ng lapis, gripo, atbp.) sa araw-araw
- Idisimpekta ang mga lugar para sa pagtatrabaho na may ibang gumagamit (hal., mga security post) sa pagitan ng bawat shift o paggamit ng mga tauhan
- Limitahan o huwag hikayatin ang paggamit ng mga elektronikong device, laruan, aklat, at iba pang laro o tulong sa pag-aaral na may ibang gumagamit
- Tiyakin ang availability ng mga pandisimpekta na aprubado ng EPA, at iba pang supply na panglinis at pang-sanitize (hal., sabon, paper towel, sanitizer) sa buong gusali para sa lahat ng baitang at sa lahat ng lugar na madalas gamitin ng tao
- Panatilihin hindi maabot ng mga maliliit na bata ang lahat ng pandisimpekta at iba pang matatapang na kemikal



**Nakikitang
patnubay**



**Lugar ng
trabaho**

Maglagay ng mga palatandaan sa anumang pasukan at labasan at anumang iba pang lugar na madalas gamitin ng tao na madalas daanan

- Magpaskil ng mga palatandaan para sa mga kinakailangan sa pagpasok sa gusali (hal., PPE), at sa mga lugar na madalas daanan (hal., mga pasilyo, opisina, silid para sa pagpupulong) na nagsusulong ng mabuting kalinisan sa katawan at pakikisalamuha (paghuhugas ng kamay, pagdistansya sa kapwa, mga pantakip sa mukha, at tamang pagsusuot ng mga pantakip sa mukha)
- Magpaskil ng mga palatandaan sa mga lugar na madalas daan at mga espasyo ng opisina na may impormasyon tungkol sa mga sintomas (hal. mga karaniwang sintomas, ano ang dapat gawin kung hindi mabuti ang iyong pakiramdam)
- Kung saan praktikal, lagyan ang mga pasilyo o lugar kung saan pumipila ang mga mag-aaral ng mga pagmamarka sa sahig (hal., mga one-way arrow sa pasilyo, 6 na talampakang pagmamarka sa mga linya sa pananghalian)

Tiyaking binabawasan ng mga looban at pasilidad ang pakikisalamuha sa pagitan ng mga tao

- Hikayatin ang mga mag-aaral na gumamit ng mga reusable na lalagyan ng tubig, at maglagay ng mga disposable na baso malapit sa mga drinking fountain, kung saan maaari; bigyan ng pagsasanay ang mga mag-aaral at tauhan ukol sa tamang paggamit sa mga drinking fountain (hal., huwag ilapit ang nguso sa labasan ng tubig at maghugas ng mga kamay matapos humawak sa mga ibabaw)
- Kung saan naaangkop at maaaring ipatupad, ilaan ang mga elevator para lang sa mahalagang paggamit; i-optimize ang occupancy ng elevator, gumamit ng mga pagmamarka sa sahig at/o palatandaan para limitahan ang bilang ng mga tao sa elevator at isulong ang pagdistansya sa kapwa, kung saan maaari
- Kung saan naaangkop, buksan ang mga pinto at bintana sa mga silid para pabutihin ang pagdaloy ng hangin
- Kung saan maaari, pakainin ang mga mag-aaral ng almusal at tanghalian sa kanilang mga silid-aralan para mabawasan ang mga pagtitipon sa mga cafeteria



Mga transisyon mula sa remote na pag-aaral, isulong ang mga flexible na modelo ng pag-aaral sa mga mag-aaral na madaling mahawaan ng sakit

- Isulong ang personal na pagtuturo sa personal sa mga mag-aaral hangga't maaari, kung magagawa ng paaralan na sumunod sa mga limit sa kapasidad at magpatupad ng mga hakbang sa pagdistansya sa kapwa
- Para sa mga mag-aaral na may mahinang kalusugan, mga mag-aaral na may mas mataas na panganib na magkaroon ng malubhang sakit, o mga mag-aaral na may kasama sa bahay na mga indibidwal na may mas mataas na panganib na magkaroon ng malubhang sakit, tiyakin na may access ang mga mag-aaral sa remote na pag-aaral o kumbinasyon ng personal at remote na pag-aaral, ayon sa patnubay ng ISBE sa "Pinaghalong mga Araw ng Remote na Pag-aaral (Blended Remote Learning Days)"
- Maaaring patuloy na tumanggap ang mga mag-aaral ng remote na pag-aaral dahil sa mga iskedyul ng shift na hindi pinahihintulutan ang lahat ng mag-aaral na magsabay-sabay sa gusali o kung naka-quarantine ang kanilang grupo dahil sa pagkaka-expose sa COVID-19
- Tiyaikin na ang mga empleyadong madaling mahawaan ng sakit na may mga kondisyon na umiiral na noon ay maaaring magpatuloy na magtrabaho nang remote o bumuo ng patnubay sa remote ng pagtatrabaho upang magtalaga ng mga bagong tungkulin na mas angkop para sa remote na pagtatrabaho na sumusunod sa mga naaangkop na kontraktwal na kasunduan.



**Katatagan
ng operasyon**

Baguhin ang mga operasyon para bawasan ang personal na pakikisalamuha at isulong ang mga gawi na mabuti sa kalusugan

- Limitahan ang paggamit ng mga lugar ng trabaho na may ibang gumagamit, kung saan maaari
- Kung saan praktikal, iangkop o isaayos ang mga iskedyul ng shift para sa mga empleyado (mga pinagsalit-salit na oras ng pagsisimula/pagtatapos o A/B na mga araw/linggo/iskedyul)
- Kung saan naaangkop, limitahan ang "Open Campus" na modelo para sa mga oras ng tanghalian ng mga mag-aaral sa highschool
- Sundin ang patnubay ng ISBE sa mga ancillary na programa (hal., pisikal na edukasyon, pangangalagang bago at pagkatapos at iba pang programa)



**Mga alituntunin
sa pagbiyahe**

Isulong ang ligtas na pagbiyahe papunta/galing sa paaralan; limitahan ang pagbiyahe ng mga tauhan

- Tiyakin na nagsusuot ng mga pantakip sa mukha ang lahat ng mag-aaral na bumubiyahen papunta/galing sa paaralan sakay ng bus; dapat na hindi hihigit sa 50 mag-aaral ang nakasakay sa bus nang magkakasabay, na may pagdistansya sa kapwa hangga't maaari
- Suspindehin ang international o domestic na pagbiyahe na pinopondohan ng paaralan, maaaring gawin ang mga eksempsyon para sa mga international na mag-aaral na nag-enroll sa paaralan para sa kumpletong akademikong taon
- Tiyakin na ang mga international na mag-aaral ay magka-quarantine ng sarili nang 14 na araw bago pumasok sa paaralan; tiyaking makakasali ang mag-aaral sa remote na pag-aaral sa panahong iyon kung may sesyon ang paaralan
- Huwag hikayatin ang personal na pagbiyahe; maaaring hingin sa mga tauhan at mag-aaral na bumibiyahen sa ibang bansa na mag-quarantine ng sarili nang 14 na araw pagkabalik ayon sa patnubay ng CDC



Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado o mag-aaral bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglilinis at pagdidisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Ang sinumang empleyado o mag-aaral na nagkaroon ng malapit na pakikisalamuha sa sinumang taong natukoy bilang mayroong COVID-19 ay dapat mag-quarantine ng sarili ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Dapat iulat ng mga paaralan ang mga indibidwal na kaso at cluster ng 2 o higit pang kaso sa loob ng 14 na araw sa CDPH
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho
- Sinumang indibidwal sa loob ng kapaligiran ng paaralan na nagpakita ng mga sintomas ay dapat ihiwalay kaagad sa iba pang populasyon ng paaralan at pauwiin; magtalaga ng ligtas na lugar para i-quarantine ang sinumang mga indibidwal na naghihintay na masundo

Pakitingnan ang susunod na pahina para sa higit pang detalye



Binabalangkas ng protokol sa ibaba ang mga inirerekomendang hakbang bilang tugon sa isang kaso ng COVID-19 sa isang empleyado o mag-aaral; naaayon ang mga ito sa mga rekomendasyon ng CDC at maaaring magbago

- Sinumang indibidwal sa loob ng kapaligiran ng paaralan na nagpakita ng mga sintomas ay dapat ihiwalay kaagad sa iba pang populasyon ng paaralan at pauwiin; magtalaga ng ligtas na lugar para i-quarantine ang sinumang mga indibidwal na naghihintay na masundo
- *Pag-uulat ng mga kaso:* Dapat ipagbigay-alam ng lahat ng paaralan sa mga tauhan, mag-aaral, at magulang/tagapag-alaga ang mga inaasahang alituntunin sa pag-uulat, kabilang ang impormasyon sa kung paano mag-ulat ng mga kaso sa paaralan
 - Kung magkaroon ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang abisuhan kaagad ang paaralan at mag-isolate ayon sa mga alituntunin ng CDC
 - Kung magkaroon ng COVID-19 ang isang mag-aaral, dapat abisuhan kaagad ng mga magulang o tagapag-alaga ang paaralan at mag-isolate ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung natukoy ang isang empleyado o mag-aaral bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglilinis at pagdidisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Dapat makipag-ugnayan ang paaralan sa CDPH sa pamamagitan ng form ng CDPH para sa online na pag-ulat ng kaso na nakapaskil sa <http://redcap.link/chicovidreport> para iulat ang kaso at makatanggap ng konsultasyon kung kinakailangan.
- Magsasagawa ang CDPH ng karagdagang follow-up sa pamilya ng mag-aaral o sa empleyado kung kinakailangan
- Kapag naabisuhan na ang isang paaralan tungkol sa isang positibong kaso, dapat tukuyin ng paaralan ang grupo ng empleyado o ng mag-aaral at sinumang iba pang nakasalamuha nang malapitan (sa loob ng 6 na talampakan nang 15 minuto o higit pa) ayon sa

Maging Ligtas. Edukasyong PK-12

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Binabalangkas ng protokol sa ibaba ang mga inirerekomendang hakbang bilang tugon sa isang kaso ng COVID-19 sa isang empleyado o mag-aaral; naaayon ang mga ito sa mga rekomendasyon ng CDC at maaaring magbago

mga alituntunin ng CDPH. Dapat abisuhan at atasan ng paaralan ang buong grupo at mga nakasalamuha nang malapitan na mag-quarantine nang 14 na araw pagkatapos ng huling pagkaka-expose sa positibong indibidwal. Kasama rito ang mga potensyal na pagkaka-expose sa mga aktibidad na may kaugnayan sa paaralan, mga programa bago at pagkatapos ng eskwela, at sa transportasyon sa bus.

- Inirerekomenda na magkaroon ang mga paaralan na batayang template upang pangasiwaan ang komunikasyong ito at dapat protektahan ng paaralan ang pagkapribado ng indibidwal
- Ang mga nakasalamuha nang malapitan na may mga sintomas ay inirerekomendang makipag-ugnayan sa kanilang tagapaghatid ng pangangalagang pangkalusugan para sa pagsusuri at pag-test sa lalong madaling panahon matapos magsimula ang mga sintomas
- Ang mga nakasalamuha nang malapitan na walang mga sintomas ay inirerekomendang magpasuri 5-9 na araw pagkatapos ng pagkaka-expose
- Ang isang negatibong resulta sa anumang oras sa panahon ng quarantine ay hindi pinapalaya ang isang indibidwal mula sa buong 14 na araw na quarantine
- Kung nagpositibo ang isang nakasalamuha nang malapitan, ang empleyado o mga magulang o tagapag-alaga ng mag-aaral ay dapat maagap na abisuhan ang paaralan
 - Ang mga nakasalamuha nang malapitan na naging isang kaso ay dapat sundin ang mga alituntunin ng CDC sa pag-isolate
- Magtakda ng distance learning para sa naka-quarantine na grupo
 - Magtakda ng protokol na nagpapahintulot sa mga mag-aaral/tauhan na kolektahin ang mga materyales sa paaralan kung kinakailangan

-Inirerekomendang patnubay-





Binabalangkas ng protokol sa ibaba ang mga inirerekomandang hakbang bilang tugon sa isang kaso ng COVID-19 sa isang empleyado o mag-aaral; naaayon ang mga ito sa mga rekomendasyon ng CDC at maaaring magbago

para sa panahon ng quarantine. Dapat nitong bawasan ang pagkaka-expose sa iba (hal., payagan ang pagkuha ng materyales pagkatapos o bago ang mga oras ng paaralan)

- Ang isang positibong kaso sa isang grupo ay hindi awtomatikong humahantong sa pagsasara ng paaralan. Dapat gawin ng mga desisyon sa pagsasara ng paaralan nang kumukonsulta sa CPDH at ibabase sa maraming salik, kabilang ang bilang ng mga positibong kaso, ang bilang ng mga grupong apektado, mga pagliban sa paaralan, ang antas ng pagkalat sa komunidad, at pati na rin ang potensyal na iba pang kaugnay na salik
- Dapat magpadala ang paaralan ng pangkalahatang notipikasyon sa buong komunidad ng paaralan, at maging sensitibo sa pagprotekta ng pagkakakilanlan ng mga naapektuhang mag-aaral at empleyado
- Ang sinumang empleyado o mag-aaral na nagkaroon ng malapit na pakikisalamuha sa sinumang ibang tao sa labas ng paaralan na natukoy bilang mayroong COVID-19 ay dapat mag-quarantine ng sarili ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Dapat iulat ng mga paaralan ang kapwa mga indibidwal na kaso at mga cluster (2 o higit pang kaso na posibleng nauugnay sa paaralan sa loob ng 14 na araw) sa pamamagitan ng form ng CDPH para sa online na pag-ulat ng kaso na nakapaskil sa <http://redcap.link/chicovidreport> upang mabawasan ang transmisyon ng COVID-19 sa loob ng mga paaralan
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho



Talahulugan

Pagtitipon: Isang grupo ng mga indibidwal na hindi galing sa isang sambahayan na bahagi ng isang biglaan o planadong kaganapan at nakikisalamuha sa isa't isa nang higit sa sampung minuto

Paghuugas ng kamay: Ang paglilinis nang mabuti ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Pagdistansya sa kapwa: Ang pisikal na pagdistansya nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

PPE: Personal na kagamitang pamproteksyon (hal., pantakip sa mukha, goggles, mga face shield); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba kamakailan ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa?



Pangkalahatang patnubay sa lugar ng trabaho

Mga dulugan sa bansa para sa karagdagang patnubay

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika):*
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf>

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html>

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19):*
<https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>

Patnubay sa Edukasyong PK-12

ISBE – *Starting the 2020-21 School Year (Pagsisimula ng Taon ng Eskuwela 2020-21):*
<https://www.isbe.net/Documents/Part-3-Transition-Planning-Phase-4.pdf>

US Department of Education – *COVID-19 Information and Resources for Schools and School Personnel (Impormasyon at Dulugan ukol sa COVID-19 para sa Mga Paaralan at Tauhan ng Paaralan):*
<https://www.ed.gov/coronavirus>

CDC – *Guidance for Childcare, Schools and Youth Programs (Gabay para sa mga Programang Pangangalaga sa Bata, Pampaaralan at Pangkabataan):*
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/index.html>

Pagtatatuwa ng Pananagutan

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.